

Kasunduan sa Lisensya ng End User

1. PANGKALAHATAN

- 1.1 Mula rito, ang app na ito at ang content nito ay tutukuyin bilang “**App**.” Ang App ay hatid at pinapatakbo ng Marshall Group AB na may Swedish organization number na 556757-4610 (“**Marshall**”).
- 1.2 Pinapangasiwaan ng kasunduan sa lisensya ng end user na ito (mula rito ay “**Kasunduan**”), kabilang ang kahit anong update o pagbabago, ang iyong paggamit ng App at tumutumbas ito sa buong kasunduan sa pagitan mo at ng Marshall kaugnay ng App.
- 1.3 Maaaring gamitin ang App kasabay ng compatible na produkto mo (mula rito ay “**Device**”) at maaari mo itong i-download kahit kailan. Binibigyang-daan ka nito na i-customize ang iyong pakikinig, kontrolin ang musikang pinapakinggan mo, gumawa ng iba pang pagsasaayos sa produkto, o mag-access ng mas maraming feature. Ang App ay bahagi ng Device, ibig sabihin, maaaring mapailalim ang App sa mga karapatan sa proteksyon ng consumer gaya ng nakasaad sa mga tuntunin ng paggamit ng Marshall na makikita dito: www.marshall.com. Kung bibili ka gamit ang App, malalapat ang aming mga tuntunin ng pagbili.

2. ANG KASUNDUAN

- 2.1 Upang magamit ang App, kailangan mong tanggapin ang Kasunduan ito. Ipapakita sa iyo at tatanggapin mo ang Kasunduan kapag dinownload at ginamit mo ang App sa unang pagkakataon. Maaari mo ring basahin ang Kasunduan sa loob ng App. Kapag tinanggap mo ang Kasunduan, nangangako kang sumunod sa Kasunduan hangga't ginagamit mo ang App.
- 2.2 Kapag tinanggap mo ang Kasunduan, kinikilala mong mayroon kang legal na kakayahang gawin ito, hal., ikaw ay 18 taong gulang pataas. Kung wala ka pang 18 taong gulang ngunit hindi bababa sa 13 taong gulang, maaari mo lang gamitin ang App, na kung ganoon ay tinatanggap mo ang Kasunduan, kung naaprubahan ng magulang o legal na tagapag-alagang sumusang-ayong mapasailalim sa Kasunduan. Kung hindi mo matutugunan ang mga kinakailangang ito, hindi mo maaaring gamitin ang App.

3. PAG-DOWNLOAD NG APP SA MGA THIRD-PARTY NA PLATFORM

- 3.1 Libreng i-download at gamitin ang App. Maaari mong i-download ang App sa mga third-party na application store, gaya ng App Store at Google Play.
- 3.2 Ang mga third-party na application store ay pinapatakbo ng mga kaugnay na provider ng third-party na platform at/o ng mga affiliate ng mga ito. Hindi responsibilidad ng Marshall ang mga store na ito o (bukod sa App) ang kahit

anong ibibigay ng mga ito at hindi ginagarantiya ng mga ito na palaging magiging available ang mga ito.

- 3.3 Inaatasan ng mga provider ng third-party na platform ang Marshall na magsama ng ilang partikular na karagdagang probisyon sa Kasunduang ito. Kung may mga tuntuning nalalapat lang sa Apple o Google, tutukuyin ito sa mga naaangkop na bahagi. Kinikilala ng user na ang Kasunduang ito ay napagkasunduan sa pagitan ng Marshall at ng user, at hindi ng Google o Apple. Ang Marshall lang, hindi ang Google o Apple, ang responsable para sa App at content nito.
- 3.4 Kung dinownload mo ang App sa App Store, maaari mo lang gamitin ang App sa (Mga) Produkto ng Apple na mayroon ka o ginagamit mo. Napapailalim ang bawat user sa Mga Alituntunin sa Paggamit na nakasaad sa Mga Tuntunin at Kundisyon ng Mga Serbisyo sa Media ng Apple, maliban kapag maaaring ma-access at magamit ang App ng iba pang account na nauugnay sa purchaser gamit ang Family Sharing o maramihang pagbili.
- 3.5 Maaari mong i-uninstall ang at/o ihinto ang paggamit ng App kahit kailan. Pakitandaang hindi maaaring gumana ang lahat ng function ng iyong Device gaya ng nilalayon kung pipiliin mong hindi gamitin ang app. Dahil bahagi ng Device ang App, ibig sabihin, maaari din iyong mapailalim ang App sa batas sa proteksyon ng consumer, karapatan mong umurong sa aming Kasunduan alinsunod sa nakasaad sa aming mga tuntunin ng paggamit na makikita dito: www.marshall.com.

4. PERSONAL NA DATA

Ang Marshall ang kumokontrol sa pagpoproseso ng iyong personal na data na nauugnay sa paggamit mo ng App. Makikita ang impormasyong nauugnay sa pagpoproseso ng Marshall ng personal na data sa [Patakaran sa Privacy](#) ng Marshall na paminsan-minsang ina-update.

5. MGA KINAKAILANGAN PARA SA USER

- 5.1 Responsibilidad mong hindi gamitin ang App sa kahit anong paraang ilegal o nagdudulot ng pinsala o abala sa ibang tao.
- 5.2 Kapag tinanggap mo ang Kasunduan, isinasaad at pinapatunayan mong (i) wala ka sa bansang napapailalim sa pag-embargo ng Gobyerno ng U.S., o itinalaga ng Gobyerno ng U.S. bilang bansang “sumusuporta sa terorista”; at (ii) hindi ka nakalista sa kahit anong listahan ng mga ipinagbabawal o pinaghihigpitang partido ng Gobyerno ng U.S.

6. PAGPAPANATILI AT SUPORTA

- 6.1 Bagaman kagustuhan ito ng Marshall, hindi namin magagarantiyang maibibigay ang App nang walang teknikal na pagkaantala. Kung ganoon, maaaring kailanganin naming paghigpitan ang access sa App dahil sa, halimbawa, serbisyo, suporta, kaligtasan, o mga teknikal na dahilan.

- 6.2 Kung mayroong kahit anong problema sa App o kung hindi nasisiyahan ang user sa kahit anong paraan, dapat makipag-ugnayan kaagad sa Marshall. Nakasaad sa seksyon 19.2 ang aming mga detalye sa pakikipag-ugnayan. Palaging susubukan ng Marshall na humanap ng solusyon sa problema sa lalong madaling panahon.
- 6.3 Responsibilidad ng Marshall na ibigay ang kahit anong serbisyo sa pagpapanatili at suporta kaugnay ng App. Kinukumpirma ng user na walang kahit anong obligasyon ang Apple o Google para sa mga serbisyo sa pagpapanatili o suporta kaugnay ng App.
- 6.4 Kinikilala at sinasang-ayunan mong nangangailangan ang pag-access sa App at kahit anong serbisyo ng third-party ng Koneksyon sa internet na responsibilidad mo lang. Maaaring limitahan o paghigpitan ang paggamit ng App at pag-access sa mga serbisyo ng third-party dahil sa mga limitasyon sa teritoryo at/o depende sa mga kakayahan, bandwidth, o teknikal na limitasyon ng iyong Koneksyon sa internet at serbisyo. Walang kahit anong pananagutan ang Marshall para sa pagbibigay, kalidad, at seguridad ng naturang Pagkakonekta sa internet.

7. MGA UPDATE

- 7.1 Sasabihan ka namin tungkol sa mga update at bibigyan ka namin ng mga update, kabilang ang mga update sa seguridad na kinakailangan upang makasunod pa rin ang mga produkto sa aming kasunduan sa pagbili para sa Device. Ibibigay ng Marshall ang mga naturang update hangga't kinakailangan alinsunod sa naaangkop o mandatoryong batas sa proteksyon ng consumer.
- 7.2 Sa ilang sitwasyon, may kailangan kang gawin upang ma-update ang App. Malaya kang piliin kung i-install ang mga update na ibibigay. Kung pipiliin mong hindi i-install ang mga update, hindi mo dapat asahang makakasunod pa rin ang App sa kasunduan sa pagbili para sa Device o sa Kasunduang ito. Kung pipiliin mong hindi i-install ang mga update na kinakailangan upang makasunod pa rin ang App sa aming mga kasunduan, kabilang ang mga update sa seguridad, maaapektuhan nito ang aming pananagutan sa pagsunod kaugnay ng mga feature na iyon na layon ng mga kaugnay na update na gawing nakakasunod pa rin. Kung kinakailangan ang isang update, sasabihin namin ito sa iyo at ang kahit anong resulta ng hindi pag-update.
- 7.3 Kinikilala at sinasang-ayunan mong kapag inupdate ng Marshall ang App o Device, maaaring ma-delete o mabago ang mga feature o iba pang bahagi ng App o Device, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga function na maaari mong asahan o kahit anong data o preset na na-store mo, sa App o sa Device, hanggang sa pinapahintulutan ng mandatoryong batas sa proteksyon ng consumer.

8. MGA SERBISYO AT TUNTUNIN NG THIRD-PARTY

- 8.1 Kinikilala at sinasang-ayunan mong napapailalim sa mga tuntunin at kundisyon ng nauukol na third-party ang availability ng mga serbisyo ng third-party, at compatibility ng App na ito sa mga ito. Hindi responsibilidad ng Marshall ang availability ng mga naturang serbisyo o ang kahit anong bayaring babayaran sa ilalim nito. Dapat sumunod ang user sa mga naaangkop na tuntunin ng third-party kapag ginagamit ang App.

- 8.2 Ang third-party ang kokontrol sa data kapag pinoproseso ang iyong personal na data kapag ginamit o inaccessible mo ang naturang software o mga serbisyo ng third-party. Maaari mong basahin ang mga naaangkop na patakaran sa privacy ng third-party para sa impormasyon tungkol sa pagpoproseso ng iyong personal na data kapag ginagamit ang mga naturang serbisyo ng third-party.

9. MGA KARAPATAN SA INTELEKTWAL NA PAG-AARI AT PAGBIBIGAY NG LISENSYA

- 9.1 Ang App, at ang lahat ng content nito, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, software, source code, mga script, text, artwork, mga photograph, mga larawan, mga animation, at disenyo nito ay protektado ng mga pambansa at pandaigdigang batas at kasunduan sa copyright. Ang lahat ng karapatan at title sa App ay pag-aari ng Marshall o nakalisensya sa Marshall sa pamamagitan ng mga may-hawak ng karapatan ng third-party o kahit sinong supplier ng serbisyo ng third-party, kabilang ang kanilang mga subsidiary.
- 9.2 Binibigyan ka ng Marshall ng limitado, hindi eksklusibo, hindi naililipat, at pandaigdigang lisensya alinsunod sa Kasunduang ito upang gamitin lang ang App kaugnay ng iyong Device at para sa iyong indibidwal at hindi pangkomersyong paggamit mo lang. Kinikilala ng user na ang App, content nito, at lahat ng karapatan sa intelektwal na pag-aaring nauugnay dito ay magpakailanpamang eksklusibong pag-aari lang ng Marshall o ng kahit sinong may-hawak ng karapatan ng third-party. Walang karapatan, title, o interes ang user sa App o intelektwal na pag-aaring nauugnay dito, maliban kung hayagang nakasaad sa Kasunduang ito. Hindi maaaring gamitin ang content sa App nang lampas sa kinakailangan upang gamitin ng user ang App sa ilalim ng Kasunduang ito at sa nilalayong paraan.
- 9.3 Hindi magkakaroon ng mga karapatan ang user at sumasang-ayon siyang hindi: (A) kopyahin, i-reproduce, i-publish, ipadala, ipamahagi, gamitin, ipakita, i-post, baguhin, gumawa ng mga hinangong gawa, ibenta, lisensyahan, o kung hindi man ay samantalain ang App o kahit anong bahagi nito; (b) i-access o gamitin ang App para sa kahit anong layunin ng kumpetisyon o komersyo at hindi siya maaaring bumago o kung hindi man ay gumawa ng kahit anong hinangong paggamit ng App o content nito; (c) “i-frame,” “i-mirror,” o kung hindi man ay mag-ugnay ng kahit anong bahagi ng App sa kahit anong iba pang serbisyo, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, kahit anong web site o app; (d) i-bypass, baguhin, labagin, o iwasan ang kahit ano sa mga function o proteksyon ng App, o kahit anong bahagi noon, o kahit anong mekanismong nauugnay doon; at (e) gamitin ang App, o kahit ano sa content nito, bukod sa nilalayong gamit nito at gaya ng hayagang pinapahintulutan ng Kasunduang ito.
- 9.4 Sakaling isaad ng kahit sinong third-party na lumalabag sa mga karapatan sa intelektwal na pag-aari ang App o ang pagmamay-ari at paggamit ng User ng App, responsibilidad lang ng Marshall, at hindi ng Google o Apple, na siyasatin, ipaglaban, iareglo, at i-discharge ang kahit anong naturang claim ng paglabag sa intelektwal na pag-aari.

10. OPEN SOURCE CODE

Maaaring may code ang App, na karaniwang tinutukoy bilang open source software na ipinapamahagi sa ilalim ng kahit ano sa maraming kilalang uri ng mga tuntunin ng lisensya ng open source, kabilang ang mga tuntuning nagbibigay-daan sa libreng pamamahagi at pagbabago ng source code ng kaugnay na software at/o na nag-aatas sa lahat ng distributor na ibigay nang libre ang naturang source code kapag hiniling, kabilang ang kahit anong kontribusyon o pagbabagong ginawa ng naturang distributor (nang sama-sama, “Open Source Software”). Hangga’t may kahit anong Open Source Software ang App, pakitandaang nakalisensya sa iyo ang element lang na iyon sa ilalim ng mga kaugnay na tuntunin ng lisensya ng naaangkop na third-party na licensor (“Mga Tuntunin ng Lisensya ng Open Source”) at hindi sa ilalim ng Kasunduang ito, at tinatanggap at sinasang-ayunan mong mapailalim sa naturang Mga Tuntunin ng Lisensya ng Open Source. Mababasa sa App ang paghahayag ng ginagamit na Open Source Software at Mga Tuntunin ng Lisensya ng Open Source na nalalapat sa Open Source Software. Magkakaroon ka ng kopya ng source code para sa kahit anong Open Source Software na nasa kahit anong App at kaugnay na Mga Tuntunin ng Lisensya ng Open Source kapag hiniling mo.

11. MGA REKLAMO

- 11.1 Karapatan ng user na magreklamo kaugnay ng App alinsunod sa mandatoryong regulasyon sa proteksyon ng consumer. Sakaling makapagreklamo, tutulong ang Marshall alinsunod sa mandatoryong batas. Kung gusto mong magreklamo, maaari kang makipag-ugnayan sa Marshall gamit ang mga detalye sa pakikipag-ugnayang nakasaad sa seksyon 19.2.
- 11.2 Kinukumpirma ng user na responsibilidad ng Marshall, at hindi ng mga third-party na platform, na tugunan ang kahit anong reklamo ng user o kahit sinong third-party na nauugnay sa App o pagmamay-ari at/o paggamit ng user ng App na iyon, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa: (i) mga claim ng pananagutan sa produkto; (ii) kahit anong claim na hindi nakakasunod ang App sa kahit anong naaangkop na legal o panregulatoryong pangangailangan; at (iii) mga claim na dulot ng batas sa proteksyon ng consumer, batas sa privacy, o katulad na batas, kabilang ang nauugnay sa mga framework ng HealthKit at HomeKit ng Apple.
- 11.3 Upang maiwasan ang kahit anong pagdududa, hindi pinapangasiwaan ng Kasunduang ito ang mga kontrata ng pagbebenta at tuntunin ng mga pagbili sa App. Para sa mga claim sa produkto, pakibasa ang mga tuntunin ng pagbili ng Marshall, na makikita dito: www.marshall.com.
- 11.4 Responsibilidad lang ng Marshall ang kahit anong warranty ng produkto, hayagan man o ipinapahiwatig ng batas. Kung dinownload ng user ang App sa App Store at sakaling hindi makasunod ang App sa kahit anong naaangkop na warranty, maaaring abisuhan ng user ang Apple, at ire-refund ng App sa user ang kahit anong presyo ng pagbili para sa App. Hanggang sa pinapahintulutan ng naaangkop na batas, hindi magkakaroon ng iba pang obligasyon sa warranty ang Apple kaugnay ng App, at ang Marshall lang ang mananagot para sa kahit ano pang claim, pagkawala, pananagutan, pinsala, halaga, o gastusing naiuugnay sa kahit anong hindi pagsunod sa kahit anong warranty.

- 11.5 Walang iba pang obligasyon sa warranty ang mga third-party na platform kaugnay ng App, at ang Marshall lang ang mananagot para sa kahit ano pang claim, pagkawala, pananagutan, pinsala, halaga, o gastusing naiuugnay sa kahit anong hindi pagsunod sa kahit anong warranty.

12. PAG-EXPORT AT IBA PANG REGULASYON

- 12.1 Sumasang-ayon kang sumunod sa lahat ng naaangkop na paghihigpit at regulasyon sa pag-export at muling pag-export sa lugar o bansa kung saan ka nakatira pati na rin sa lahat ng paghihigpit ng Marshall at mga third-party, at na hindi, o pahintulutan, na ipadala, i-divert, i-transship, ilipat, i-export o muling i-export, o pahintulutang ilipat, ang App, o content nito, o Device sa ipinagbabawal na bansa o na lumalabag sa kahit anong naturang paghihigpit o regulasyon.
- 12.2 Bilang halimbawa ng nasa itaas, hindi maaring gamitin, ipadala, i-export, o muling i-export ang Device sa kahit anong bansa o gamitin sa kahit anong paraang ipinagbabawal ng kahit anong batas, paghihigpit, o regulasyon sa pagkontrol ng export na pinapangasiwaan ng U.S. Commerce Department's Bureau of Export Administration, U.S. Department of Treasury's Office of Foreign Assets Control, o ng kahit ano pang naaangkop na ahensya ng gobyerno.

13. MGA PATAS NA REMEDYO

- 13.1 Sakaling lumabag sa Kasunduang ito, dapat mong i-uninstall at ihinto ang lahat ng paggamit ng App. Karapatan ng Marshall, pati ng kahit sinong third-party, na hilingin ang lahat ng remedyong mayroon ayon sa batas at equity, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, ihinto ang functionality ng App na dulot ng naturang paglabag.
- 13.2 Maaaring magsagawa ang Marshall ng kahit anong legal at teknikal na remedyo upang iwasan ang paglabag sa at/o ipatupad ang Kasunduang ito, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, agarang pagwawakas ng paggamit mo ng App, kung lumalabag ka o nilalayon mong lumabag sa Kasunduang ito. Tumutumbas ang mga remedyong ito bilang karagdagan sa kahit ano pang remedyong maaaring magkaroon ang Marshall sa batas, equity, o sa ilalim ng batas.

14. WALANG WARRANTY SA APP O THIRD-PARTY NA SOFTWARE O MGA SERBISYO

- 14.1 KINIKILALA AT SINASANG-AYUNAN MONG IKAW LANG ANG MANGANGANIB KAPAG GINAMIT MO ANG APP AT KAHIT ANONG THIRD-PARTY NA SOFTWARE AT MGA SERBISYO AT RESPONSIBILIDAD MO ANG NATURANG PAGGAMIT. IBIBIGAY NANG "WALANG PAGBABAGO," WALANG WARRANTY, DUTY, O KUNDISYON NG KAHIT ANONG URI ANG APP AT KAHIT ANONG THIRD-PARTY NA SOFTWARE AT SERBISYO.
- 14.2 HAYAGANG IKINAKAILA NG MARSHALL AT NG BAWAT ISA SA MGA THIRD-PARTY ANG LAHAT NG WARRANTY, DUTY, O KUNDISYON, NANG HAYAGAN O IPINAPAHIWATIG, KABILANG ANG, NGUNIT

HINDI LIMITADO SA, MGA IPINAPAHIWATIG NA WARRANTY NG MERCHANTABILITY, HINDI PAGLABAG, AT PAGIGING NAAANGKOP PARA SA PARTIKULAR NA LAYUNIN PARA SA APP O THIRD-PARTY NA SOFTWARE AT MGA SERBISYO NA MAGAGAMIT SA APP. HINDI NAGPAPATUNAY SAT HINDI GUMAGAWA NG KAHIT ANONG KUNDISYON O PAGSASAAD ANG MARSHALL AT MGA THIRD-PARTY NA SOFTWARE O MGA SERBISYO, O MGA FUNCTION NITO, NA MAKAKATUGON ANG APP, THIRD-PARTY NA SOFTWARE O MGA SERBISYO, O MGA FUNCTION NITO, TAMA AT WALA ITONG ERROR, ITATAMA NITO ANG KAHIT ANONG PROBLEMA, HINDI ITO MAKAKASIRA SA KAHIT ANO PANG SOFTWARE, HARDWARE, O DATA. BUKOD DITO, HINDI PINAPATUNAYAN O GUMAGAWA NG KAHIT ANONG KUNDISYON O PAGSASAAD ANG MARSHALL AT THIRD-PARTY NA HINDI IUURONG ANG MGA SERBISYONG MAGAGAMIT SA APP, AT HINDI WAWAKASAN ANG PAGBIBIGAY NG MGA NATURANG SERBISYO NA DAHILAN NG HINDI PAGIGING COMPATIBLE NG APP NA ITO SA MGA NATURANG SERBISYO NG THIRD-PARTY, O TATAKBO ITO NANG WALANG PAGKAANTALA O PAGBABAGO.

14.3 WALANG PASALITA O NAKASULAT NA IMPORMASYON O ABISONG IBINIGAY NG MARSHALL, KAHIT ANONG THIRD-PARTY, O MGA AWTORISADONG KINATAWAN NITO ANG GAGAWA NG WARRANTY, DUTY, O KUNDISYON O MAGPAPALAWAK SA SAKOP NG WARRANTY NA ITO SA KAHIT ANONG PARAAN.

14.4 NALALAPAT ANG CLAUSE 14 NA ITO HANGGANG SA PINAPAHINTULUTAN NG NAAANGKOP NA BATAS (KABILANG ANG MGA NAAANGKOP O MANDATORYONG BATAS SA MGA PROTEKSYON NG CONSUMER SA BANSA KUNG SAAN NAKATIRA ANG USER KUNG SAAN MINA-MARKET NG MARSHALL ANG APP). HINDI PINAPAYAGAN NG ILANG HURISDIKSYON ANG PAGBUBUKOD NG MGA IPINAPAHIWATIG NA WARRANTY, KAYA MAAARING HINDI MALAPAT ANG MGA PAGBUBUKOD NA ITO SA IYO.

15. LIMITASYON NG PANANAGUTAN

15.1 HANGGANG SA PINAPAHINTULUTAN NG NAAANGKOP NA BATAS (KABILANG ANG MGA NAAANGKOP O MANDATORYONG BATAS SA MGA PROTEKSYON NG CONSUMER SA BANSA KUNG SAAN NAKATIRA ANG USER KUNG SAAN MINA-MARKET NG MARSHALL ANG APP), HINDI MANANAGOT ANG MARSHALL AT MGA THIRD-PARTY PARA SA KAHIT ANONG HINDI SINASADYA O RESULTANG PINSALA DAHIL SA PAGLABAG SA KAHIT ANONG HAYAGAN O IPINAPAHAYAG NA WARRANTY, PAGLABAG SA KONTRATA, KAPABAYAAN, MAHIGPIT NA PANANAGUTAN O SA ILALIM NG KAHIT ANO PANG LEGAL NA TEORYANG NAUUGNAY SA APP, SOFTWARE, O MGA SERBISYONG MAGAGAMIT SA APP, KABILANG ANG, NGUNIT HINDI LIMITADO SA, KAHIT ANONG PINSALANG DULOT NG KAWALAN NG KITA, PAGKAWALA NG DATA, HINDI PAGGAMIT NG APP, SOFTWARE, O MGA SERBISYO GAMIT ANG APP O

KAHIT ANONG NAUUGNAY NA HARDWARE, DOWN TIME,S AT ORAS NG USER, KAHIT NA ISINAAD ANG POSIBILIDAD NG MGA NATURANG DAMAGE NG KAHIT ANO SA MGA ITO.

- 15.2 HINDI PINAPAYAGAN NG ILANG HURISDIKSYON ANG PAGBUBUKOD O LIMITASYON NG MGA HINDI SINASADYA O RESULTANG PINSALA, KAYA MAAARING HINDI MALAPAT SA IYO ANG PAGBUBUKOD O LIMITASYON SA ITAAS.

16. TUNTUNIN, PAGWAWAKAS, AT MGA PAGBABAGO

- 16.1 Magkakaroon ng bisa ang Kasunduang ito kapag ininstall at ginamit ng user ang App sa unang pagkakataon. Mananatiling may bisa ang Kasunduan maliban kung ia-uninstall ng user ang App.
- 16.2 Nakalaan sa Marshall ang karapatang gumawa ng mga pagbabago sa Kasunduan. Naka-post sa App ang pinakabagong updated na bersyon ng Kasunduan. Magiging valid ang mga pagbabago kapag tinanggap ng user ang bagong bersyon (kapag nag-log in ang user sa App), o 30 araw pagkatapos sabihin ng Marshall sa user ang mga pagbabago. Karapatan ng user na ihintong gamitin at i-uninstall ang App kahit kailan kapag nalaman ng user ang mga naturang pagbabago.

17. MISCELLANEOUS

- 17.1 Kung ituturing ang kahit anong bahagi ng Kasunduang ito na hindi valid, ilegal, o hindi naipapatupad ng kahit anong may kapangyarihang korte, awtoridad, arbitral tribunal, o alternatibong lupon ng pag-aayos ng hindi pagkakasundo, ipapatupad ang probisyong iyon hanggang sa mapapahintulutan upang mapanatili ang layunin ng Kasunduang ito, at mananatiling ganap na may bisa ang iba pang bahagi. Malalapat ang Kasunduan hanggang sa pinapahintulutan ng naaangkop o mandatoryong batas sa proteksyon ng consumer sa bansa kung saan nakatira ang user kung saan mina-market ng Marshall ang App.
- 17.2 Karapatan ng Marshall na italaga ang kahit anong bahagi ng mga karapatan at obligasyon nito sa ilalim ng Kasunduang ito sa pagitan ng Marshall at ng user nang walang paunang pahintulot ng user.
- 17.3 Kung dinownload ng user ang App sa App Store, kinikilala ng user na ang Apple, at mga subsidiary ng Apple, ay third-party na makakabenepisyo sa Kasunduan at, kapag tinanggap ng user ang Kasunduan, magkakaroon ng karapatan ang Apple na ipatupad ang mga tuntunin laban sa user bilang third-party na makakabenepisyo sa Kasunduan.

18. SUMASAKLAW NA BATAS AT MGA HINDI PAGKAKASUNDO

- 18.1 Masasaklawan ng mga batas ng Sweden ang Kasunduang ito, nang hindi isinasaalang-alang ang hindi pagkakasundo sa mga probisyon ng mga batas.
- 18.2 Kung mayroon kang kahit anong tanong o alalahanin tungkol sa App na ito o Kasunduang ito at gusto mong makipag-ugnayan sa Marshall, mag-click dito at sundin ang mga tagubilin sa: www.marshall.com/support.

Impormasyon sa pakikipag-ugnayan:

Marshall Group AB
Centralplan 15
111 20 Stockholm
Sweden

- 18.3 Sakaling magkaroon ng hindi pagkakasundo, susundin namin ang mga pagpapasya mula sa mga alternatibong sangay ng pag-aayos ng hindi pagkakasundo. Upang i-access ang alternatibong sangay ng pag-aayos ng hindi pagkakasundo sa iyong bansa sa loob ng EU, mag-click [dito](#).
- 18.4 Maaari ka ring magreklamo sa pamamagitan ng platform ng pag-aayos ng hindi pagkakasundo sa web ng EU na maa-access mo [dito](#).
- 18.5 Sa kabila ng nasa itaas, maaaring ayusin ang kahit anong hindi pagkakasundo sa kahit saang may kapangyarihang korte kung saan ka nakatira.

Huling na-update ang Kasunduang ito ng Marshall Group AB noong: Setyembre 17, 2024.